PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE
PRESIDENTIAL NEWS DESK

SPEECH OF PRESIDENT FERDINAND R. MARCOS JR. AT THE DISTRIBUTION OF THE DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM (DAR) E-TITLES AND CERTIFICATES OF LAND OWNERSHIP AWARD (CLOAS) AND CEREMONIAL TURNOVER OF CERTIFICATES OF AWARDS FOR FARM-TO-MARKET ROADS (FMRS) AND FARM MACHINERIES AND EQUIPMENT (FMES)

[Delivered in Prosperidad, Agusan Del Sur | 16 February 2024]

Maraming salamat. Maraming salamat sa ating Kalihim ng Department of Agrarian Reform.

[Please take you seats.]

Ang ating Kalihim ng Department of Agrarian Reform, at masasabi ko alam n'yo po baka sa hitsura niya hindi n'yo nakikita pero matagal nang hindi natutulog 'yan dahil hindi ko siya tinitigilan.

"Kailan ba natin matatapos? Kailan ba natin pwedeng i-subdivide na lahat ng mga consolidated CLOA? Kailan ba natin matapos ang listahan kung sino mga agrarian reform beneficiary?"

Kaya, patuloy ang prosesong ito at binigyan namin ng tibay 'yung kasama sa Emancipation Act na hindi lamang titulo ang binibigay kundi pati suporta, pati makinarya, all of these things na pagsuporta. [Applause]

The Agusan del Sur 1st district Representative Alfelito Bascug; Agusan del Sur 2nd district Representative Adolph Edward Plaza; Agusan del Sur provincial governors – provincial governor, and all the governors: Agusan del Sur, Agusan del Norte, Surigao del Sur and Norte, and Dinagat Island ang represented ngayon dito na makakatanggap, na mayroong agrarian reform beneficiary.

Ang ating mga, ang pinakamahalaga na grupo na nandito ngayon, ang ating mga agrarian reform beneficiaries, [Applause] my fellow workers in government, ladies and gentlemen, Magandang hapon po sa inyong lahat.

Hindi ko na ipapakilala – nandito pa po ang ating mga cabinet secretary dahil po ang aming ginagawa---nandito po si Secretary Rex Gatchalian of DSWD dahil tinignan din namin 'yung mga naging epekto; andito si Secretary Benhur Abalos ng DILG [applause]; andito rin ang DPWH, ang Kalihim si Secretary Manny Bonoan; Secretary of Health, Secretary Ted Herbosa; at sa Department of Agriculture na marami siyang aayusin, Secretary Kiko Laurel.

Andito po silang lahat dahil ang approach po namin sa lahat ng mga problemang hinaharap ng pamahalaan ay hindi lamang ang isang departamento lamang ang humahawak dahil ang mga problema naman na hinaharap natin ay hindi ganoon ka simple na isang department lang, pwede nang maayos.

Kailangan ang tulong ng lahat ng iba't-ibang departamento. Kaya po, ang tawag po namin dito is whole-of-government approach. Lahat ng buong, lahat ng ahensya kung tayo'y

nangangailangan ng tulong, lahat ng ahensya ng pamahalaan ay handang tumulong.

Maraming salamat sa inyong mainit na pagsalubong sa akin ngayong hapon na ito.

Hindi ko man kayo nadalaw noong nangangampanya ako sa pagka-Pangulo, niyakap pa rin ako Ninyo at ang aking pangarap na pagkakaisa ng ating bansa.

Ibinigay ninyo sa akin ang napakahalagang regalo, ang inyong pagtitiwala.

I am not here not to—not only to thank you for your support in the last elections, but also for your encouraging support for the programs under the banner of Bagong Pilipinas.

Nandito po ako ngayon hindi lang upang maggawad ng proyekto, o magpasinaya ng mga bagong programa.

Higit sa lahat, nandirito ako ngayon upang magbigay ng aking matibay na garantiya, na sa Bagong Pilipinas, ito ang ating puspusang gagawin: Develop Dinagat. Sulong Surigao. Abante Agusan.

Hindi lang po ng pamahalaan pero para sa ating lahat.

And I make that vow because as a region rich in resources, you do not only deserve it. Above all it, is the responsibility that we owe our children, a deliverable to the next generation that we cannot fail.

For me, it is a burden that I carry as the son of a leader who never wavered in the belief in the potential of this region, and who worked hard to unlock that potential.

My father built a modern road from Surigao City to Davao, the road which forked in Butuan, leading to CDO and beyond.

Pati po ang mga proyekto ng malalayong bayan, hindi nakaligtaan.

Ang irrigation system in Cantillan, Surigao del Sur, one of the many he had built also. Hanggang ngayon, nandyan pa rin. As does the Maharlika Highway, which remains the backbone highway of this island.

Mayroon ding mga ipinaglaban ang aking ama na dapat nating tapusin. At yan ang Agrarian reform.

Nakakapagtaka po ang tatapos ng sinimulan—ang magtatapos—aming sinumpa, kaming dalawa ni Secretary Conrad Estrella ay sinumpa namin na tatapusin namin ang pagbigay ng agrarian reform beneficiaries sa kanilang lahat ng kanilang benepisyo at ng tulong na ibibigay bago kami bababa sa aming mga posisyon.

Nakakagulat itong proyektong ito ay sinimulan ng aking ama: agrarian reform. That was his first na pinirmahan na batas, agrarian reform. At ang kanyang kasama was the Agrarian reform secretary ang lolo naman ni Conrad Estrella, Secretary Conrado Estrella. [Applause]

Kaya't noong natapos na ang kampanya at nag-uusap kaming dalawa, sabi ko "Mumultuhin tayo ng ating mga ninuno 'pag hindi natin tinapos yung kanilang sinimulan." Kaya't yan ay aming

isinumpa. [Applause]

Agrarian reform remains an unrealized dream because the emancipation of farmers does not end with the receipt of titles declaring ownership of the land they are already tilling.

They must be unshackled from debt, freed from high cost of inputs, relieved of constraints that impoverish them.

Hangga't baon sa utang ang ating magsasaka, hangga't nakasangla ang kanilang kinabukasan, hindi makakaahon ang buong bansa.

That is why on September 13, birthday ko, 'yun ang birthday gift ko sa sarili ko. This is why on September 13, 2022, I issued the Executive Order No. 4 imposing a one-year moratorium on the payment of amortizations and interest on agrarian debt. [Applause]

It provides farmers that are choked with debt with some financial breathing space, at a time when agriculture was battling a fuel and fertilizer crisis.

Ngunit ayoko ng Band Aid na solusyon. Ang hanap ko ay permanenteng lunas.

Kaya't noong July 7, 2023 ay nilagdaan ko na ang Republic Act 11953 o ang New Agrarian Emancipation Act. Ito ang instrumentong nagpapalaya sa ating mga magsasakang na bihag sa utang sa lupa.

Dahil sa batas na ito, mahigit 600,000 na Agrarian Reform Beneficiaries ay kalas na sa mga kailangan nilang bayarin dati. [applause]

Bagama't maituturing natin itong tagumpay, hindi pa tapos ang ating laban.

Layunin kong matapos ang pamamahagi ng lupang saklaw ng Agrarian Reform Program bago matapos ang aking termino.

Kaya masaya akong malaman na 90,000 land titles na ang naipamahagi ng DAR sa taong 2023 – halos doble ng original na target na 50,000 lamang.

At ang 3,184 na titulo na ipapamahagi natin sa araw na ito ay patunay na kanilang patuloy na pagsisikap.

Sana nga matuldukan na ang land distribution.

Matagal na dapat dumating ito sa kanyang hantungan.

Subalit hindi natin wawakasan ang tulong sa ating magsasaka, ang suporta at ayuda para sa kanila.

Kaya sa araw na ito, tayo ay mamimigay ng mga farm machinery at equipment sa 1,681 na agrarian reform beneficiaries. [Applause]

Atin ding bubuksan ang farm-to-market road projects na nagkakahalaga ng PhP194 million sa Surigao del Sur, at pakikinabangan ng halos 35,000 na magsasaka. [Applause]

I am also very happy with the establishment of the Agusan Del Sur Provincial Soils Laboratory by the provincial government of Agusan del Sur, the first and the most modern of its kind not only in Mindanao. It's the most modern in the Philippines.

Napaka-importante po dahil noong pinuntahan namin 'yung site kung saan ilalagay 'yung Soils Laboratory, napakaimportante po na malaman natin kung ano kalagayan ng lupa na tinataniman natin. Kaya't kailangang pag-aralan, kumuha ng sample, dadalhin niya sa soils laboratory at tuturuan at papayuhan ang ating mga magsasaka [na] "Ito ang gagamitin ninyong fertilizer. Ito lang karami ang gagamitin niyong ayuda. Ito lang ang pesticide." Yun. Para mas maganda ang ating ani at makakabawas sa gastos sa mga inputs na dumadating dahil marami naman. Hindi lang naman urea ang fertilizer at marami pang iba ang pwedeng gamitin at sa ibang lugar, hindi urea ang ginagamit. Kaya't talagang makakahanap tayo ng savings para sa ating mga magsasaka.

Dahil hindi lamang produksyon ang ating habol. Lagi nating pinag-uusapan, lagi nating naririnig "Pagandahin natin 'yung ani." Totoo rin, importante 'yun. Ngunit sinasabi ko sa ating mga kasama sa lahat ng agricultural areas ay dapat tiyakin naman natin kahit na maganda ang ani ay may magandang hanapbuhay ang ating mga magsasaka. E napakalupit naman kapag may sitwasyon na ang nagpapakain ng buong Pilipinas ay sila man ay hindi nakakakain ng mabuti, hindi mapakain ng mabuti ang kanilang pamilya. Hindi tama 'yun.

And so, we are always looking to make sure that our farmers will have and will make a good living.

Ilan lang yan sa mga maraming programang para sa ating mga magsasaka dito sa inyong probinsya upang mapataas ang kanilang ani at mapalaki ang kanilang kita.

Tama lang na suklian ang kanilang pagod at sabayan ang kanilang pagsisikap ng tulong ng pamahalaan.

There is, however, a challenge that looms ahead that will affect all of us severely and we must act together.

At iyan po ay ang nagbabadyang El Niño na maaaring maghatid ng tagtuyot.

Kaya naman iniutos ko ang pagpapatupad ng isang komprehensibong programa na tutugon sa anumang pinsala na maidudulot nito.

But together, we can overcome all of these challenges. Sama-sama, nagkakaisa tungo sa isang Bagong Pilipinas.

Muli, ikinagagalak ko pong makasama ang ating mga kababayan sa Caraga Region. Mabuhay po kayo!

Mabuhay ang ating magsasaka.

Mabuhay ang ating mga agrarian reform beneficiaries at mabuhay Bagong Pilipinas!

Maraming salamat po at maganda pong hapon.

--END--